



# Multilingual Services - Translation

Flower City



brampton.ca



## SMALL BUSINESS ENTERPRISE CENTRE

[www.brampton-business.com](http://www.brampton-business.com)

33 Queen St. West, Unang Palapag, Brampton, ON L6Y 1L9

Tel blg: 905-874-2650 Fax blg: 905-874-2670

### Pag-Inkorpora ng Iyong Kalakal sa Ontario

#### Pagsasalansan para sa Inkorporasyon

Mayroong apat na paghatid serbisyo na mapagpipilian para sa mga kliyente na gustong mag-inkorpora ng kalakal sa Ontario:

- Ibigay ng personal ang Articles of Incorporation sa Companies and Personal Property Security Branch Public Office ng the Ministry of Government Services (MGS) sa Toronto, 375 University Ave, Silid 200 – (416) 314-8880.
- Ibigay ang Articles of Incorporation sa sangay sa pamagitan ng koreyo. Companies and Personal Property Security Branch ng the Ministry of Government Services (MGS): Silid 200, 393 University Avenue, Toronto, ON, M5G 2M2.
  - 15 ibang kinaroroonan ng Service Ontario na tumatanggap ng personal ng articles of incorporation:  
[http://www.ontario.ca/ontprodconsume/groups/content/@gopsp/@so/@bus/@companies/documents/document/stel02\\_168162.pdf](http://www.ontario.ca/ontprodconsume/groups/content/@gopsp/@so/@bus/@companies/documents/document/stel02_168162.pdf)
- Isalansan ng elektronik ang Articles of Incorporation gamit ang internet sa pamamagitan ng isa sa dalawang Service Providers na napasailalim sa kontrata ng ministeryo:  
<http://www.cyberbahngroup.com/CyberbahnCMS/> o [www.oncorp.com](http://www.oncorp.com)
- Umalkila ng abogado o iba pang nasanay na propesyonal. Ang pag-inkorpora ng kalakal ay isang hindi simpleng proseso, kasama ang mga pagka-sangkot ng legal at pinansiyal na bagay. Ang abogado o nasanay na propesyonal ay magsasalansan ng lahat ng mga kinakailangang papel para sa iyo, kasama na ang inuutos na NUANS na pagsaliksik ng pangalan at lahat ng mga kinakailangang pangkat ng inkorporasyon. Makukuha mo ang kumpletong pakete, g.n. selyo ng korporasyon, aklat ng katitikan (minutes book) at payo. Kung gusto mong ipakilala ka sa isa sa mga propesyonal maari lang kausapin ang aming mga kasamahan.

## Paggamit ng mga pormularyo sa personal o sa pamamagitan ng koreyo

Kung ikaw ay mag inkorpora gamit ang pormularyo, kailangan ayusin mo ang mga sumusunod:

- Kumpleto at dalawang kopya ng Articles of Incorporation. Ang bawat kopya ay dapat may mga orihinal na lagda. **Bigyang pansin na lahat ng mga kalakal na korporasyon ay may mga kasosyo.** Ang Article 6 ng mga pormularyo ay **dapat** nakumpleto. (1 kasosyo ay matatanggap. Ang mga pormularyo ay makukuha sa <http://www.forms.ssb.gov.on.ca/mbs/ssb/forms/ssbforms.nsf> sa legal na mga tindahan ng kagamitan sa pagsulat (stationery stores) o sa mga “name search houses”.
- Ang isang ulat na orihinal na nakabase sa Ontario na Newly Upgraded Name Search (NUANS) ay hindi kailangan kung iniinkorpora ang isang numeradong kumpanya (numbered corporation). Magsaliksik ng pangalan onlayn na sa [www.nuans.com](http://www.nuans.com).  
Mangyaring bigyan pansin lang: Ang Companies and Personal Property Security Branch ay **hindi nagbibigay** ng ganitong pagsaliksik.
- Isang pabalat na sulat, na nagsasaad ng pangalan, pabalik na direksyon at bilang ng telepono ng kontak para sa korporasyon.
- Ang bayad na \$360 (Walang GST) ay nakapangalan sa Minister of Finance. Ang mga bayarin ay maaring gawin sa pamamagitan ng sertipikadong tseke, money order o personal na tseke. Ang mga personal na tseke ay dapat may nakasamang dating-limbag na pangalan, tirahan, bank transit number at ang bilang ng akawnt. Ang pera, Visa, MasterCard, AMEX at mga bayad sa pamamagitan ng Interac ay dapat gawin ng personal.
- Iba pang mga nagpapatunay na mga dokumento, kung kinakailangan. **Maaring bigyan pansin lang:** Ang Consent to Act as First Director ay hindi na kinakailangang isalansan sa Branch ngunit kailangan itong itago sa naka rehistrong tanggapan. Ang mga pilyego ng Business Incorporation ay maaring mabili sa mga legal na tindahan ng mga gamit sa pagsulat (stationery stores) o ‘name search houses, o idownload galing sa Internet sa Company Forms Web site:  
<http://www.forms.ssb.gov.on.ca/mbs/ssb/forms/ssbforms.nsf/FormDetail?OpenForm&ACT=RDR&TAB=PROFILE&ENV=WWE&NO=007-07117>
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang mga kakailanganin bisitahin ang:  
[http://www.ontario.ca/en/business/STEL02\\_163189](http://www.ontario.ca/en/business/STEL02_163189) at [www.canadabusiness.ca](http://www.canadabusiness.ca) at hanapin “incorporation”.

## Ang Business Corporations Act:

Mangyari po lamang bigyan ng 2-4 lingo para sa repaso sa pamamagitan ng koreyo sa CPPSB para sa mga sumusunod na mga serbisyo:

- \$360 para sa agarang “over-the-counter” o sa koreyong serbisyo
- \$300 pa sa agarang serbisyo sa pamamagitan ng mga Tagahatid Serbisyo “pagsalansan sa pamamagitan ng elektronik”, sa ibaba (+ ang bayad sa tagahatid serbisyo.)
- Mayroong pang maraming transaksyong (multiple service) espesyal na pangserbisyong bayarin na \$25 na dagdag sa bayad sa pagsalansansa bawat transaksyon na labis sa tatlo, sa pagsalansan ng labis sa tatlong “over-the-counter” Business Corporation Act na mga kasulatan. Ang serbisyong ito ay para lamang sa may tipanan.

## Numeradong Kompanya (Numbered Company)

Kung ang aplikante ay gustong mag-inkorpora ng may bilang na pangalan, ang pagsaliksik ng pangalan ay hindi kinakailangan. Ang Companies and Personal Property Security Branch ay magtatalaga ng bilang. Sa pagkumpleto ng mga Pormolaryo magiwan ng 9 na bakanteng kahon (para sa bilang) at kasunod ang katagang “ONTARIO” na susundan ng isang legal na saligan.

## Pagsalansan Pamagitan ng Elektronik

Kung ikaw ay mag-inkorpora sa pamamagitan ng elektronik kailangang ikaw ay:

- Gumamit ng mga serbisyo ng isa sa mga pangunahing tagapaghatid serbisyong elektronik:
- **Cyberbahn** <http://www.cyberbahngroup.com/CyberbahnCMS/>
- 416-595-9522 o 1-800-806-0003 o
- **OnCorp Direct Inc** sa <http://www.oncorp.com/home/incorporation.asp>
- 416-964-2677 o 1-800-461-7772
- **Mangyaring bigyan pansin na lahat ng mga korporasyong kalakal ay kailangang may mga kasosyo.** Kaya kinakailangan na ang Article 6 ng mga pormolaryo ay nakumpleto.
- Kumuha ng nakabase sa Ontario na NUANS pagsaliksik ng pangalan at ibigay ang nasaliksik na pangalan, ang natalagang tukoy na bilang, at ang petsa ng NUANS [www.nuans.com](http://www.nuans.com)
- Kumpletohin ang onlayn na pabalat na sulat, sabihin ang pangalan, ang pabalik na direksyon at bilang ng telepono ng taong kontak sa korporasyon;
- Bayaran ang takda ng batas na \$300. Bilang dagdag, ang bawat tagahatid serbisyong elektronik ay sumisingil ng bayad para sa mga serbisyo nito (ang bayad ay magagawa sa pamamagitan ng kredit kard o sa

pamamagitan ng paggawa ng akawnt sa pangunahing tagabigay ng serbisyong elektronik).

**Inkorporasyon na Pederal:** Onlayn sa [www.strategis.gc.ca/corporations](http://www.strategis.gc.ca/corporations)

Alamin pa ang dagdag ukol sa pederal laban sa inkorporasyong panlalawigan sa: <http://www.incorper.com/FedvsOnt.html>.